# PAGGAMIT NG PODCAST BILANG ESTRATEHIYA SA PAGPAPAHUSAY NG KASANAYAN SA PAGSASALITA NG MGA MAG-AARAL SA FILIPINO

Isang Pananaliksik na iniharap sa
College of Education
Misamis University
Ozamiz City

Bilang Bahagi ng Pagsasakatuparan
ng mga kinakailangan sa Titulong
**Bachelor of Secondary Education**
**Major in Filipino**

nina

JORJELYN L. ONGCO
NESLIE C. DUHAYLUNGSOD

Mayo 2025

**DAHON NG PAGPAPATIBAY**

Ang tesis na ito ay pinamagatang, **"PAGGAMIT NG PODCAST BILANG ESTRATEHIYA SA PAGPAPAHUSAY NG KASANAYAN SA PAGSASALITA NG MGA MAG-AARAL SA FILIPINO "** ay inihanda at ipinasa nina Jorjelyn L. Ongco at Neslie C. Duhaylungsod bilang bahagi ng katuparan ng mga pangangailangan sa titulong Bachelor of Secondary Education Major in Filipino, na ngayon ay itinagubilin para sa kaukulang pagsusulit na pasalita.

**LEIZEL JOY C. DABALOS, MAEd**
Tagapayo

Pinagtibay ng Lupon ng Pagsusulit na Pasalita na may gradong *Pasado*.

**GENELYN R. BALUYOS, EdD**
Chairman

**JOENARD L. TUASTOMBAN, MAEd**
Kasapi

**JOCIE ROSE T. EDULLANTES, MAEd**
Kasapi

Tinanggap at pinagtibay bilang bahagi ng katuparan ng pangangailangan sa titulong Bachelor of Secondary Education Major in Filipino.

**GENELYN R. BALUYOS, EdD**
Dean, College of Education

Petsa: *Mayo 2025*

## PAGKILALA

Ang mga mananaliksik ay lubos na nagpapasalamat sa Poong Maykapal na walang sawang gumabay, nagkaloob ng biyaya at lakas ng loob sa mananaliksik na maisagawa ang pag-aaral na ito.

Kay Gng, Leizel Joy C. Dabalos, ang tagapayo, sa kanyang suporta, gabay, mungkahi, at probisyon na naging matagumpay sa tesis na ito. Malaking tulong ang pagbabahagi sa kanyang kaalaman sa pagsusuri ng datos.

Kay Dr. Genelyn R. Baluyos, ang Dekano ng College of Education, para sa kanyang mga rekomendasyon at gabay upang maging matagumpay ang pananaliksik na ito.

Kay G. Joenard L. Tuastomban, sa kanyang matapat na pagtulong, pagbibigay ng mahahalagang komento, pagbibigay sigla at tibay ng loob sa mananaliksik upang gawin ang pag-aaral na ito.

Kay Gng. Jocie Rose T. Edullantes, para sa kanyang gabay, supporta, mga payo, komento at mga rekomendasyon.

Sa mga kalahok, ang kanilang tapat na suporta, pakikipagtulungan at oras upang ibigay sa may-akda ang lahat ng kinakailangang impormasyon.

At higit sa lahat, sa aming pamilya, kaibigan, espesyal na tao para sa pagmamahal, moral na suporta, at inspirasyon upang mapanatili ang mananaliksik sa pagkamit ng kanyang layunin.

## PAGHAHANDOG

Ang aklat na ito ay taos-puso naming inaalay

sa Poong Maykapal na nagbibigay ng kaalaman at karunungan;

ang aming minamahal na mga magulang, para sa kanilang moral na suporta,

inspirasyon, at pag-unawa upang maaabot ang lahat ng aming mga pangarap;

sa aming mga kaibigan at kaklase, para sa laging pagsama, panghihikayat, at

pag-unawa upang maging matagumpay ang pag-aaral na ito.

***Jorjelyn & Neslie***

**ABSTRAK**

Ang pagsasalita ay isang kasanayang kailangang linangin ng tao upang epektibong makipagkomunikasyon sa iba. Layunin ng pag-aaral na ito na suriin ang bisa ng podcast bilang estratehiya sa pagpapahusay ng kasanayan sa pagsasalita ng mga mag-aaral sa Filipino. Gumamit ito ng *one-group pretest-posttest design* na nilahukan ng 12 mag-aaral ng Bachelor of Secondary Education major in Filipino mula sa Kolehiyo ng Edukasyon ng Misamis University, na napili sa pamamagitan ng *purposive sampling*. Ang podcast ay tumalakay sa panitikang Bikol, at ang parehong katanungan mula rito ang ginamit sa pretest at posttest. Sinuri ang datos gamit ang *mean, standard deviation,* at *paired t-test*. Ipinakita sa resulta na bago ang paggamit ng podcast, ang antas ng kasanayan sa pagsasalita ng mga kalahok ay nasa kategoryang "Di Mahusay." Pagkatapos ng paggamit ng podcast, tumaas ito sa kategoryang "Mahusay." Lubos na may kabuluhang kaibahan ang naging resulta lalo na sa kalinawan, gramatika, bokabularyo, pagsunod sa estruktura, pagpapahayag ng ideya, at kakayahang makipagtalastasan. Ipinapakita ng pananaliksik na ang podcast ay epektibong estratehiya sa pagpapahusay ng kasanayan sa pagsasalita ng mga mag-aaral sa Filipino.

*Mga Susing Salita: Filipino, kasanayan, estratehiya sa pagtuturo, interbensiyon, kasanayan, pagsasalita, podcast*

**TALAAN NG NILALAMAN**


| | | Pahina |
|---|---|---|
| PAMAGAT | | i |
| DAHON NG PAGPAPATIBAY | | ii |
| PAGKILALA | | iii |
| PAGHAHANDOG | | iv |
| ABSTRAK | | v |
| TALAAN NG NILALAMAN | | vi |
| TALAAN NG MGA TALAHANAYAN | | vii |
| TALAAN NG PIGURA | | viii |
| **KABANATA** | | |
| 1 | PANIMULA | 1 |
| | Teoretikal na Balangkas | 3 |
| | Konseptuwal na Balangkas | 7 |
| | Layunin ng Pag-aaral | 10 |
| | Iskematik Dayagram ng Pag-aaral | 11 |
| 2 | PAMAMARAAN | 12 |
| | Pamamaraang Ginamit | 12 |
| | Pananaliksik ng Pangkapaligiran | 12 |
| | Pinanggalingan ng Datos | 12 |
| | Instrumentong Ginamit | 13 |

Pagtitipon ng Datos . . . . . . . . . . . 14
Isinaalang-alang na Etika . . . . . . . . . 15
Estatistikang Pag-aaral ng mga Datos . . . . . . . 15
3 RESULTA AT TALAKAYAN . . . . . . . . . 16
Pagganap Bago ang Paggamit ng Podcast . . . . . . . . . . . . 18
Pagganap Pagkatapos ang Paggamit ng Podcast . . . . . . . . . . . . 20
Pagkakaiba ng Pagganap sa Pretest at Posttest . . . . . 22
4 BUOD, MGA NATUKLASAN, KONKLUSYON AT
REKOMENDASYON . . . . . . . . . . . . 23
Buod . . . . . . . . . . . . 23
Mga Natuklasan . . . . . . . . . . . 23
Konklusyon . . . . . . . . . . . . 24
Rekomendasyon . . . . . . . . . . . 25
TALASANGGUNIAN . . . . . . . . . . . . . . . 26
APENDIKS
Apendiks A – Rubriks . . . . . . . . . . 30
Apendiks B – Mga Katanungan . . . . . . . . 32
Apendiks C – Informed Consent . . . . . . . 34
Apendiks D – Letter of Request . . . . . . . . 35
Apendiks E – Dokumentasyon . . . . . . . . 36
CURRICULUM VITAE . . . . . . . . . . . . . . . 37

## TALAAN NG MGA TALAHANAYAN


| Talahanayan | | Pahina |
|---|---|---|
| 1 | Pagganap Bago ang Paggamit ng Podcast . . . . . . . . . . . | 18 |
| 2 | Pagganap Pagkatapos ang Paggamit ng Podcast . . . . . . . . . . | 20 |
| 3 | Pagkakaiba ng Pagganap Pretest at Posttest . . . . . . . . . . | 22 |

## TALAAN NG PIGURA


| Pigura | | Pahina |
|---|---|---|
| 1 | Iskematik Dayagram ng Pag-aaral . . . . . . . . . . . . . | 11 |

Kabanata 1

# PANIMULA

Sa pag-usbong ng digitalisasyon, ang paggamit ng teknolohiya sa edukasyon ay patuloy na umuunlad at nagiging mas epektibo. Sa larangan ng wika, ang pagtuturo ng pagsasalita ay madalas na nangangailangan ng mga makabago at kawili-wiling pamamaraan upang mapataas ang pakikilahok ng mga mag-aaral (Mulyani, 2023). Ang paggamit ng *multimedia* ay itinuturing na isa sa pinakamahalagang elemento sa panahon ng *internet* at teknolohiya para mas maganyak at maengganyo ang mga mag-aaral sa pagkatuto. Maari ring makatulong ang mga *multimedia* sa mga guro at mag-aaral sa pagkamit ng layunin ng pagkatuto at pag-aaral ng salita (Asyrofi at Wati, 2024). Isa sa mga makabagong estratehiya na maaaring magamit sa pagpapahusay ng kasanayan sa pagsasalita ng mga mag-aaral sa Filipino ay ang *podcast* (Errabo, 2024).

Pang-anim ang Pilipinas sa mga bansang may mataas na bilang ng tagapakinig ng *podcast* sa buong mundo (Statista, 2021). Bukod sa pagiging libangan ay nakitaan din ang pakikinig ng *podcast* ng potensiyal bilang isang pangunahin o suplemental na kagamitan sa pagtuturo (Avila & Lavadia, 2019). Nagsisilbing panghalili ang *podcasting* sa kaligirang pang-edukasyon bilang pamalit sa mga tradisyonal na paraan ng pagtuturo, karagdagang kagamitan para mas mapataas pa ang literasi, at susi na panghikayat para sa aktibong pakikilahok sa klase ng mga mag-aaral (McGarr, 2009). Ang paggamit ng *Podcast* ay mas epektibo kaysa sa tradisyunal na pamamaraan sa pagpapabuti ng pagbigkas at kasanayan sa pagsasalita ng mga mag-aaral (Muchammad Nur 2021).

Sa Canada, patuloy na tumataas ang interes sa paggamit ng mga *podcast* bilang mabisang paraan ng pag-aaral ng wika. Pinatunayan ng pag-aaral nina Smith at Jones (2022) na may positibong epekto ang mga *podcast* sa pagpapaunlad ng kakayahan sa pagsasalita ng mga estudyante. Naobserbahan nila na ang pakikinig sa totoong mga usapan sa mga podcast ay nakakatulong sa mga estudyante na mapahusay ang kanilang pagbigkas, ritmo, at intonasyon. Samantala, ipinakita naman ng pananaliksik ni Lee (2023) na mas lumakas ang tiwala sa sarili ng mga estudyanteng Pranses na gumagamit ng mga *podcast* bilang pantulong sa kanilang pag-aaral. Sa kabuuan, ang mga resulta ng mga pag-aaral na ito ay nagpapakita ng malaking potensyal ng mga *podcast* sa pagpapabuti ng kakayahan sa pagsasalita sa iba't ibang wika.

Sa Pilipinas, maraming pag-aaral ang nagpapatunay sa kahalagahan ng *podcast* sa pagtuturo ng Filipino. Ipinakita ng pag-aaral ni Cruz (2021) na ang paggamit ng mga *podcast* na naglalaman ng mga kwentong bayan at tula ay nakatulong sa mga mag-aaral na mapabuti ang kanilang pang-unawa sa wika at mapalawak ang kanilang kakayahan sa pagsasalita. Gayundin, ipinakita ng pananaliksik ni Reyes (2022) na tumaas ang interes at motibasyon sa pag-aaral ng Filipino sa mga mag-aaral na gumagamit ng mga *podcast* na nagtatampok ng tunay na mga pag-uusap at balita sa Filipino. Sa pangkalahatan, ang mga pag-aaral na ito ay nagpapatunay na ang *podcast* ay isang epektibong paraan upang mapahusay ang kasanayan sa pagsasalita ng mga mag-aaral sa Filipino, lalo na sa pagpapalawak ng kanilang bokabularyo, pagpapabuti ng kanilang pagbigkas, at pagpapalakas ng kanilang kumpiyansa sa paggamit ng wika.

Ipinatupad ng Kagawaran ng Edukasyon ang *DO 78, S. 2010-Guidelines on the Implementation of the DepEd Computerization Program (DCP)* na naglalayong palawakin ang

paggamit ng teknolohiya sa edukasyon sa pamamagitan ng paghikayat sa mga guro na gamitin ang mga modernong kagamitan sa kanilang pagtuturo. Bagama't hindi na bago ang *podcasting* sa Pilipinas, kailangan pa ng mas malalim na pananaliksik upang patunayan ang kahalagahan nito bilang isang kagamitang panturo at pampagkatuto, at maging bilang programa sa iba't ibang larangan (Mayag-as, 2023). Sa Cagayan, naglunsad ang dibisyon ng edukasyon ng *Project Podcast Alternative Learning Modality* o *Project PALM* na naglalayong palakasin ang mga kasanayan sa pakikinig at bilang karagdagang gawain sa pagkatuto ng mga mag-aaral (Perez, 2021).

Naobserbahan sa Misamis University Ozamiz City na nahihirapan ang mga mag-aaral sa Kolehiyo ng Edukasyon na major in Filipino sa pagsasalita ng wikang Filipino, kaya naman ang pag-aaral na ito ay naglalayong matukoy at masuri ang potensyal ng *podcast* sa paglinang ng makrong kasanayan sa pagsasalita. Ang pag-aaral na ito ay kakaiba dahil partikular itong nakatuon sa paggamit ng podcast bilang estratehiya, hindi lamang sinusuri ang epektibo nito kundi pati na rin ang mga tiyak na aspeto ng pagsasalita na maaaring mapaunlad. Mahalaga ang pag-aaral na ito dahil sa pangangailangang mapabuti ang kasanayan sa pagsasalita ng mga mag-aaral sa Filipino major, at ang paggamit ng *podcast* bilang isang makabago at abot-kayang estratehiya ay maaaring magbigay ng makabuluhang solusyon sa isyung ito.

**Teoretikal na Balangkas**

Ang mga sumusunod ay mga teorya na pangunahing pinagbabatayan ng pag-aaral na ito: Teoryang *Four-Component Instructional Design (4C/ID)* ni Van Merrienboer (1997) at Teoryang *Constructivism Learning* ni Jean Piaget (1973).

Ang teorya ni Van Merriënboer (1997), na kilala bilang *Four-Component Instructional Design (4C/ID)*, ay nakatuon sa pagpapabuti ng pagtuturo at pagkatuto sa pamamagitan ng

pagtutok sa mga pangunahing aspeto ng *instructional design*. Ayon sa teoryang ito, ang mabisang pagkatuto ay nagsasangkot ng apat na pangunahing bahagi: ang gawain sa pagkatuto, impormasyong panugod, impormasyong sakto sa panahon, at pagsasanay sa bahagi ng gawain. Sa pamamagitan ng integrasyon ng mga elementong ito, pinapalakas ang proseso ng pagkatuto at nababawasan ang *cognitive overload* na karaniwang nararanasan ng mga mag-aaral.

Epektibo ang paggamit ng teknolohiya, partikular ang mga podcast, sa pagpapabuti ng kasanayan sa wika ng mga mag-aara1 (Ramos, 2022). Ang mga materyales na naaayon sa aktuwal na sitwasyon, gaya ng mga *podcast*, ay nagbibigay ng pagkakataon sa mga mag-aaral na magsanay sa mas makabuluhang paraan, na nagtutulak sa kanila tungo sa mas aktibong pagkatuto (Garcia, 2021). Sa pamamagitan ng mga aktibidad tulad ng mga podcast na nagbibigay ng impormasyong sakto sa panahon, natututo ang mga mag-aaral sa kanilang sariling bilis at napapadali ang kanilang proseso ng pagkatuto.

Ang pag-aaral na ito ay batay sa teorya ni Van Merriënboer. Ipinakikita nito na ang paggamit ng mga podcast bilang paraan ng pagtuturo ay naaayon sa mga prinsipyo ng 4C/ID. Nakatutulong ang mga *podcast* bilang mga gawain sa pagkatuto na nakatuon sa pagpapahusay ng kakayahan sa pagsasalita ng mga mag-aaral sa Filipino, na nagbibigay ng mga halimbawa ng pagsasalita sa tunay na konteksto. Ang mga impormasyong kailangan sa tamang panahon ay ibinibigay sa paraang angkop sa pangangailangan ng mga mag-aaral habang natututo sila ng wastong paraan ng pagsasalita. Ang mga *podcast* ay napatunayang mabisang kasangkapan na sumusunod sa mga alituntunin ni Van Merriënboer, na nakatutulong upang mapabilis ang pag-aaral at mapaunlad ang kasanayan sa pagsasalita ng mga mag-aaral.

Ang teoryang *Constructivism* ni Jean Piaget ay may malaking kaugnayan sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagsasalita ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pakikinig sa

mga *podcast*. Sa pamamagitan ng pakikinig sa mga podcast, nagagamit at napapalawak ng mga mag-aaral ang kanilang kaalaman gamit ang mga bagong karanasan at impormasyon. Sumusuporta ito sa ideya ni Piaget na ang pagkatuto ay isang personal at mapanuring proseso kung saan ang bagong kaalaman ay nabubuo batay sa karanasan at interpretasyon. Ang paggamit ng *podcast* ay isang epektibong paraan upang mapaunlad ang kaalaman at kasanayan sa pagsasalita ng mga mag-aaral.

Ang paggamit ng mga *digital* na teknolohiya tulad ng *podcasting* ay isang epektibong paraan upang hikayatin ang mga mag-aaral na maging mas aktibo sa kanilang pagkatuto (Perez, 2021). Ipinakita ng kanyang pag-aaral na ang mga mag-aaral na gumagamit ng mga *podcast* ay mas may malalim na pag-unawa sa mga konsepto ng wika at mas nakikibahagi sa proseso ng pagkatuto. Napatunayan din na ang mga mag-aaral na gumagamit ng *podcast* bilang bahagi ng kanilang edukasyon ay nagpapakita ng mas mataas na antas ng aktibong pagkatuto at kritikal na pag-iisip, na nagreresulta sa pagpapabuti ng kanilang kasanayan sa pagsasalita (Garcia, 2022). Ang mga halimbawa ng podcast na may mga aktwal na talakayan, interbyu, at diskurso ay nagbibigay daan upang ma-eksperimento ng mga mag-aaral ang mga iba't ibang istilo ng pagsasalita at pagpapahayag, na tumutulong sa kanila upang mapabuti ang kanilang wika at komunikasyon.

Sumusuporta ang teoryang *Constructivism* ni Piaget sa paggamit ng mga *podcast* bilang isang epektibong paraan upang mapaunlad ang kasanayan sa pagsasalita ng mga mag-aaral. Ang pakikinig at pag-unawa sa mga *podcast* ay nagpapaaktibo sa mga mag-aaral sa pagbuo ng kanilang kaalaman. Pinagsasama-sama nila ang kanilang dating kaalaman at pinayayayaman ito gamit ang mga bagong impormasyon at karanasan na natutunan mula sa mga podcast. Ang pagkatuto ay isang personal at mapanuring proseso kung saan ang bagong

kaalaman ay nabubuo mula sa karanasan at interpretasyon. Sa madaling salita, ang paggamit ng *podcast* ay isang mabisang paraan upang mapalawak ang kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral sa Filipino.

**Konseptuwal na Balangkas**

Ang pananaliksik na ito ay naglalayong tuklasin ang epekto ng paggamit ng *podcast* sa pagpapahusay ng kasanayan sa pagsasalita ng mga mag-aaral sa major in Filipino. Ang kasanayan sa pagsasalita ay ang kakayahan ng isang tao na magpakita ng mga ideya, kaisipan, at damdamin sa pamamagitan ng pagsasalita. Ayon kay Van Merrienboer (1997), ang kasanayan sa pagsasalita ay mahalaga sa pagtuturo ng wikang Filipino.

Ang pagsasalita ay isa sa mga makrong kasanayan na ang layunin ay makapagbibigay, makapagbabahagi ng kaisipan at mensahe sa pamamagitan ng berbal na pamamaraan, paggamit ng wika na may wastong tunog, tamang gramatika, upang malinaw na maipaliwanag ang damdamin at kaisipan (Manalaus, 2021). Ito ang pangalawang makrong kasanayang natutunan ng tao (Dicang at Molina, 2023). Sa lahat ng mga makrong kasanayan sa wika, ang pagsasalita ay ang pinakamahirap na mataya lalong-lalo na sa pag-aaral ng pangalawang wika o banyaga man (Louma, 2004). Mahirap para sa mga mag-aaral ang pagsasalita dahil nangangailangan ito ng kaalaman sa iba't ibang disiplina, tulad ng pragmatika, syntax, gramatika, ponolohiya at semantika (Hughes, 2011).

Ang pag-unlad ng kasanayan sa pagsasalita ay hindi isang madaling proseso (Garcia, 2021). Kadalasan, nangangailangan ito ng patuloy na pagsasanay at malantad sa iba't ibang sitwasyon na mangyayari sa tunay na buhay. Ang mga mag-aaral ay natututo hindi lamang sa pamamagitan ng mga aralin mula sa guro kundi pati na rin sa pamamagitan ng aktibong paglahok sa mga talakayan at presentasyon. Sa mga ganitong aktibidad, nahuhubog ang

kanilang kakayahan sa pagsasalita sa harap ng ibang tao. Bukod dito, sa paggamit ng teknolohiya tulad ng mga *online* na *platform* at *podcasting*, nakita ni Santos (2022) na nagiging mas maligaya at komportable ang mga mag-aaral sa pagpapahayag ng kanilang mga ideya, na nagbibigay daan sa pagpapalawak ng kanilang kasanayan sa pagsasalita.

Ang kasanayan sa pagsasalita ay isang mahalagang bahagi ng edukasyon na nagsisilbing tulay sa mas epektibong komunikasyon. Ang pagpapabuti ng kasanayan sa pagsasalita ng mga mag-aaral ay hindi lamang nakasalalay sa mga tradisyonal na pamamaraan ng pagtuturo, kundi sa pag-aangkop sa mga makabagong estratehiya at teknolohiya na magbibigay sa kanila ng mas maraming pagkakataon na magsanay (Sanchez, 2024). Ang patuloy na pagpapalakas ng mga kasanayan sa pagsasalita ay nakatutulong hindi lamang sa kanilang akademikong pag-unlad kundi pati na rin sa kanilang personal na pag-unlad at paghahanda sa mga hamon ng buhay (Honculada, 2024)

Ang *podcast* ay isang makabagong teknolohiya na naging tanyag sa buong mundo at isa sa mga pinakamabisang paraan ng pagkatuto at pagpapalaganap ng impormasyon (De Jesus, 2023). Sa konteksto ng edukasyong Filipino, ang mga *podcast* ay nagsisilbing isang alternatibong plataporma para sa mga mag-aaral upang mapalawak ang kanilang kasanayan sa pagsasalita at pakikinig. Ayon kay Lico (2019), ang mga digital na teknolohiya tulad ng *podcast* ay nagbibigay ng bagong dimensyon sa mga tradisyonal na pamamaraan ng pagtuturo, kaya't ang mga mag-aaral ay may mas malawak na pagkakataon na mahasa ang kanilang kasanayan sa wika. Sa pag-aaral na ito, tatalakayin ang paggamit ng *podcast* bilang estratehiya sa pagpapahusay ng pagsasalita ng mga mag-aaral sa Filipino.

May malaking bilang ng mga pag-aaral na sumusuporta sa paggamit ng *podcast* bilang isang mabisang paraan ng pagtuturo. Ang paggamit ng *podcast* sa mga klase sa Filipino ay

nagpapataas ng motibasyon ng mga mag-aaral dahil sa interaktibong kalikasan ng *media* na ito (Garcia, 2021). Sa kanyang pananaliksik, itinampok niya ang mga benepisyo ng *podcast* sa pagpapalawak ng bokabularyo at pagpapabuti ng intonasyon at ekspresyon ng mga mag-aaral. Ang pagkakaroon ng mga audio o podcast materials ay nakakatulong sa pagpapalawak ng mga diskurso sa Filipino, na nagiging daan sa mas mataas na antas ng pag-unawa at aplikasyon ng wika (Reyes, 2023). Ang mga mag-aaral na may kakayahang makinig at magsalita ng Filipino sa pamamagitan ng podcast ay nakakakita ng mga halimbawa ng tamang wika at estilo ng pagsasalita, na tumutulong sa kanila upang maging mas epektibong tagapagsalita.

Ang paggamit ng *podcast* sa pagtuturo ng Filipino ay may maraming pakinabang. Dahil sa podcast, mas madaling magamit ng mga mag-aaral ang mga kagamitan sa pag-aaral kahit kailan at saan man. Ang mga mag-aaral na madalas makinig sa mga *podcast* ay nagkakaroon ng mas mataas na antas ng *comprehension* at mas malalim na pag-unawa sa wika (Tan, 2022). Ang mga talakayan na naririnig nila mula sa mga eksperto at *native speakers* ay nakakatulong upang mapabuti ang kanilang kasanayan sa tamang paggamit ng Filipino. Ang papel ng podcast sa pagpapalawak ng pananaw ng mga mag-aaral sa mga isyung may kinalaman sa kultura, kasaysayan, at iba pang aspeto ng Filipino na hindi laging natutunan sa tradisyunal na klasrum (Cruz, 2024).

Sa pangkalahatan, malaki ang naitutulong ng *podcast* sa pagpapabuti ng kasanayan sa pagsasalita at pakikinig ng mga mag-aaral sa Filipino. Hindi lamang ito nakatutulong sa kanilang kaalaman sa wika kundi nagpapataas din ito ng kanilang interes at pagnanais na matutunan pa ang wika. Nagpapakita ng mga konkretong ebidensya ng positibong epekto ng podcast sa edukasyong Filipino (Tan at Cruz et al., 2024). Sa hinaharap, inaasahan na mas

maraming guro at mag-aaral ang gagamit ng mga podcast bilang isang epektibong tool sa pagpapalaganap ng wika at kultura ng Filipino.

**Layunin**

Ang pananaliksik na ito ay layuning alamin ang epekto ng paggamit ng podcast sa pagpapahusay ng kasanayan sa pagsasalita ng mga mag-aaral sa Filipino sa Misamis University.

1. Natutukoy ang antas ng kasanayan sa pagsasalita ng mga mag-aaral sa Filipino bago gamitin ang *podcast* bilang pantulong sa pag-aaral.

2. Natutukoy ang antas ng kasanayan sa pagsasalita ng mga mag-aaral sa Filipino pagkatapos gamitin ang *podcast* bilang pantulong sa pag-aaral.

3. Nasusuri kung may makabuluhang pagkakaiba ang pagganap sa pagsasalita ng mga mag-aaral sa paggamit ng *podcast* bilang estratehiya.




Pigura 1: Iskematik Dayagram ng Pag-aaral

Kabanata 2

# PAMAMARAAN

## Pamamaraang Ginamit

Ang pananaliksik na ito ay isang kwantitatibong pag-aaral, gumamit ng isang disenyo ng *one-group pretest-posttest* upang suriin ang bisa ng *Podcast* bilang Estratehiya sa pagpapahusay ng kasanayan ng pagsasalita ng mga mag-aaral sa edukasyon sa kolehiyo sa major in Filipino sa Misamis University. Ang isang disenyo ng pretest-posttest ay isang malawakang ginagamit na pamamaraan ng pananaliksik na sinusuri ang bisa ng isang interbensyon sa pamamagitan ng pagsukat sa kaalaman o pagganap ng mga kalahok bago at pagkatapos pagtuturo (Maryana et al., 2024).

## Pananaliksik na Pangkapaligiran

Isinagawa ang pag-aaral na ito sa isang pribado at di-pampanatikang institusyong pangmataas na edukasyon sa Lungsod ng Ozamiz, Misamis Occidental. Partikular itong isinagawa sa Kolehiyo ng Edukasyon, na kinilala bilang ISO 9001:2015 Management System Certified at ginawaran ng PACUCOA bilang isa sa mga institusyong may pinakamaraming akreditadong programa sa bansa. Ang mga kalahok sa pananaliksik ay mga mag-aaral mula sa Kolehiyo ng Edukasyon.

## Pinanggalingan ng Datos

Ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay labingdalawa (12) na mag-aaral na kumukuha ng Bachelor of Secondary Education major in Filipino sa College of Education na pinili sa

pamamagitan ng *purposive sampling* na ibinatay sa krayterya na sila ay opisyal na naka-enroll sa panahon na isinagawa ang pag-aaral at sila ay mga mag-aaral na major in Filipino.

**Instrumentong Ginamit sa Pagtitipon ng mga Datos**

Ginamit ng pag-aaral na ito ang sumusunod na instrumento sa pananaliksik:

A. Rubrik sa Antas ng Kasanayan sa Pagsasalita

Ginamit ang isang rubrik para sa antas ng kasanayan sa pagsasalita bilang instrumento sa pagtitipon ng datos upang masukat ang kakayahan ng mga kalahok sa pagsasalita ayon sa iba't ibang kriterya. Ang bawat kriterya, tulad ng kalinawan ng pagsasalita, paggamit ng gramatika, bokabularyo, kakayahang makipagtalastasn, pagsunod sa estruktura ng usapan, pagpapahayag ng ideya at pag-aangkop ng wika sa sitwasyon, ay may apat na antas ng pagsusuri: Di Mahusay (1), Di-Gaanong Mahusay (2), Mahusay (3), at Napakahusay (4). Ang bawat antas ay may kaukulang deskripsyon na naglalarawan sa antas ng kasanayan ng nagsasalita

Narito ang eskala upang matukoy ang antas ng kasanayan sa pagsasalita.

| **Panggitna** | **Antas** |
|---|---|
| 3.26-4.00 | Napakahusay |
| 2.51-3.25 | Mahusay |
| 1.76-2.50 | Di-Gaanong Mahusay |
| 1.00-1.75 | Di Mahusay |

B. Mga Pasalitang Katanungan

Ang instrumento na ginamit sa pagtitipon ng datos ay binubuo ng mga katanungang nakatuon sa panitikang Bikol. Pinili ang mga katanungang ito sapagkat ito ang paksa ng ginamit na *podcast* na pinakinggan ng mga kalahok, kaya't direktang kaugnay ng interbensyon ang ginamit na pagsusukat. Ang mga sagot ng mga mag-aaral sa mga katanungang ito ay nagsilbing batayan sa pagtataya ng kanilang kasanayan sa pagsasalita. Isinagawa ang isang *pretest* bago iparinig ang podcast, gamit ang mga katanungang nakabatay sa panitikang Bikol. Pagkatapos mapakinggan at mapagganapan ng mga mag-aaral ang *podcast*, isinagawa naman ang posttest gamit ang parehong mga katanungan. Sa ganitong paraan, nasuri ang antas ng kanilang kasanayan bago at pagkatapos ng interbensyon, at mas malinaw na natukoy ang epekto ng paggamit ng *podcast* tungkol sa panitikang Bikol sa pagpapahusay ng kanilang kasanayan sa pagsasalita.

**Pagtitipon ng mga Datos**

Bago isinagawa ang pananaliksik, humingi ng pahintulot ang mga mananaliksik sa Dekano ng College of Education ng Misamis University at nagbigay ng *informed consent* sa mga kalahok upang matiyak ang boluntaryong partisipasyon. Nagsimula ang proseso sa *pretest* tungkol sa Panitikang Bikol, na sinundan ng interbensyon gamit ang podcast bilang estratehiya sa pagtuturo, at nagtapos sa *posttest* upang masukat ang naging pag-unlad sa kasanayan sa pagsasalita. Tumagal ng halos isang buwan ang pangangalap ng datos dahil tatlong beses isinagawa ang pretest at posttest gamit ang magkakaibang akda mula sa Panitikang Bikol bawat linggo. Bilang pangunahing instrumento, ginamit ang sariling-gawang talatanungan na nakatuon sa iba't ibang aspekto ng kasanayan sa pagsasalita ng mga kalahok.

**Etikal na Konsiderasyon**

Ang mga respondente sa pananaliksik ay hindi idadaan sa malalim na patakaran na maaaring makapinsala sa anumang paraan. Ang paggalang sa dignidad ng mga respondente sa pananaliksik ay binigyang prioridad. Ang paghingi nang pahintulot ay nakuha mula sa mga respondente bago ang pagsasagawa sa pag-aaral. Ang mga pangalan ng respondente ay hindi naitala sa alinman sa mga materyal na ginamit sa pangangalap ng datos. Ang mga talaan ng pag-aaral na ito ay mananatiling pribado at kumpedensyal. Sa anumang uri ng ulat na maaaring mailimbag, walang impormasyon ang isasama na maging posible upang makilala ang mga mananaliksik. Ang anumang uri ng komunikasyon na may kinalaman sa pananaliksik ay tinatapos sa katapatan at anumang uri ng nakalikito na impormasyon pati na rin bilang representasyon ng mga natuklasan na datos sa isang pinapanigang paraan ay iniwasan.

**Pag-aanalisa ng Datos**

Ang mga datos ay inalisa gamit ang mga sumusunod na mga kagamitang pang-estatistika o *statistical tools* ng pag-aaral na nakabatay sa Minitab.

*Mean and standard deviation.* Ginamit ito upang masukat ang *average* na antas ng kasanayan sa pagsasalita ng mga mag-aaral sa Filipino bago at matapos ang paggamit ng *podcast* bilang estratehiya.

*Paired t-test.* Ginamit ito upang matukoy ang makabuluhang pagkakaiba sa pagganap ng mga mag-aaral sa pagsasalita ng Filipino sa pamamagitan ng paghahambing ng mga resulta ng pretest at posttest.

Kabanata 3

# RESULTA AT TALAKAYAN

## Pagganap Bago ang Paggamit ng Podcast

Ipinakikita sa Talahanayan 1 na ang kabuuang antas ng kasanayan sa pagsasalita ng mga mag-aaral sa Filipino bago gamitin ang podcast ay mababa (M=1.39; SD=0.46). Ang mga indibidwal na kategorya ay nagpapakita ng mga sumusunod na mean scores: Kalinawan (M=1.50), Gramatika (M=1.25), Bokabularyo (M=1.33), Kakayahang Makipagtalastasan (M=1.75), Pagsunod sa Estruktura (M=1.41), Pagpapahayag ng Ideya (M=1.08), at Pag-aangkop ng Wika (M=1.42). Ang lahat ng mga mean scores ay nasa loob ng saklaw ng "Di Mahusay."

Bago gamitin ang *podcast*, ang mga paraan ng pagtuturo ay tradisyonal, masyadong nakatuon sa pagsasaulo at mga tuntunin ng gramatika ng wikang Filipino. Natututo ang mga mag-aaral ng mga salita at kayarian ng pangungusap, pero kulang ito para malinang ang malalim na pag-iisip, ang paggamit ng wika sa praktikal na paraan, at ang aktibong pakikilahok nila sa pagsasalita. Ang napakababang resulta ng pagganap bago ang paggamit ng *podcast* ay nagpapatunay nito, kaya naman, kinakailangan ng karagdagang suporta at interbensyon upang matugunan ang kakulangan sa kasanayan sa pagsasalita

Ang pagsasalita ay isang kasanayang kailangang linangin ng tao upang epektibong makipagkomunikasyon sa iba. Mahalaga ang maingat na pakikinig sa pagpapabuti ng kasanayan sa pagsasalita dahil nagbibigay ito ng puna na maaaring gamitin upang ituwid o gabayan ang sinasabi ng isang tao (Ramli at Kurniawan, 2017). Maraming bahagi ng pagsasalita ang kailangang pag-aralan upang mapahusay ang kakayahang umunawa sa

napakinggan (Fitch-Hauser et al., 2007). Ang mga guro na nagnanais na sanayin ang kanilang mga mag-aaral sa pakikinig ay karaniwang isinasama ang pagsasalita sa kanilang mga aralin. Ang podcast, sa partikular, ay tumutugon sa dalawang pangangailangang ito.

Sa mabilis na pagbabago ng panahon, mahalaga ang papel ng guro sa pag-hubog ng mga mag-aaral gamit ang makabagong estratehiya sa pagtuturo (Varona, 2020). Hindi na sapat ang tradisyunal na paraan ng pagtuturo; kailangan ng mga guro na maging malikhain at maghanap ng mga bagong paraan upang makuha ang atensyon at mapaunlad ang kakayahan ng kanilang mga estudyante. Ang paggamit ng teknolohiya, tulad ng mga interaktibong kagamitang panturo at sistemang online, ay maaaring makatulong upang gawing mas engaging at epektibo ang pag-aaral (Alorro, 2024). Ang guro ay dapat maging handa na matuto ng mga bagong kasanayan at iakma ang kanyang istilo ng pagtuturo sa pangangailangan ng mga mag-aaral sa modernong panahon (Orobia, 2022).

Malinaw na mayroong pangangailangan para sa mas epektibong mga interbensyon upang mapaunlad ang kanilang kakayahan. Ang mga mag-aaral ay nagpakita ng mga pagkukulang sa iba't ibang aspeto ng pagsasalita. Mahalaga ang pagpapaunlad ng kanilang kasanayan sa pagsasalita upang magkaroon ng positibong epekto sa kanilang akademiko at sosyal na buhay. Samakatuwid, kinakailangan ang pagpapatupad ng mga makabagong estratehiya upang matugunan ang mga kahinaan na ito. Dapat magsagawa ng mga hakbang upang mapabuti ang kanilang kasanayan sa pagsasalita sa Filipino.

Talahanayan 1

Pagganap Bago ang Paggamit ng Podcast

| Mga Kategorya | M | SD | Remarks |
|---|---|---|---|
| Kalinawan ng Pagsasalita | 1.50 | 0.52 | Di Mahusay |
| Paggamit ng Gramatika | 1.25 | 0.45 | Di Mahusay |
| Bokabularyo | 1.33 | 0.49 | Di Mahusay |
| Kakayahang Makipagtalatasan | 1.70 | 0.45 | Di Mahusay |
| Pagsunod ng Estruktura ng Usapan | 1.41 | 0.52 | Di Mahusay |
| Pagpapahayag ng Ideya | 1.08 | 0.29 | Di Mahusay |
| Pag-aangkop ng Wika sa Sitwasyon | 1.42 | 0.52 | Di Mahusay |
| Pangkabuuang Pangkalahok | 1.39 | 0.46 | Di Mahusay |

*Note. Sukatan ng Pagganap: 3.26 – 4.00 (Napakahusay); 2.51 – 3.25 (Mahusay); 1.76 – 2.50 (Di-Gaanong Mahusay); 1.00 – 1.75 (Di Mahusay)*

**Pagganap Pagkatapos ang Paggamit ng Podcast**

Ipinakikita sa Talahanayan 2 na mataas ang antas ng kasanayan sa pagsasalita ng mga mag-aaral sa Filipino pagkatapos gamitin ang podcast bilang pantulong sa pag-aaral (M=3.08; SD=0.56). Ang mga indibidwal na kategorya ay nagpapakita ng mga sumusunod na mean scores: Kalinawan (M=3.75), Gramatika (M=3.67), Bokabularyo (M=3.67), Kakayahang Makipagtalastasan (M=3.67), Pagsunod sa Estruktura (M=3.83), Pagpapahayag ng Ideya (M=3.83), at Pag-aangkop ng Wika (M=3.0). Ang karamihan sa mga mean scores ay nasa loob ng saklaw ng "Napakahusay," maliban sa "Pag-aangkop ng Wika" na nasa saklaw na "Mahusay". Nagpapakita ito ng malaking pag-unlad kumpara sa mga marka bago gamitin ang podcast.

Matapos gamitin ang podcast, kapansin-pansin ang pag-angat sa kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsasalita ng Filipino. Malaki ang pagkakaiba kumpara sa mga resulta bago ang interbensyon. Ibig sabihin, ang tradisyonal na paraan ng pagtuturo na nakatuon lamang sa pagsasaulo at mga tuntunin ng gramatika ay hindi sapat para malinang ang malalim na pag-unawa at kasanayan sa pagsasalita. Ang podcast, sa kabilang banda, ay naging epektibo sa

pagpapaunlad ng kanilang kakayahan sa pagsasalita dahil sa mas aktibo at nakaka-engganyong paraan ng pagkatuto

Ipinakita ng ilang pag-aaral na makatutulong ang mga podcast sa mga estudyante upang malinang ang kanilang kakayahan sa pakikinigat upang mapabuti ang kanilang kasanayan sa pagsasalita sa publiko (Fitria et al., 2015). Natuklasan ni Baehaqi (2014) na ang paggamit ng podcast sa mga klase sa wika ay maaaring magpataas ng sigla at partisipasyon ng mga mag-aaral. Dagdag pa rito, ipinakita nina Ramli at Kurniawan (2017) na maaaring mailahad sa mga estudyante ang iba't ibang kawili-wiling paksa sa pamamagitan ng mga podcast habang nagbibigay ng iba’t ibang input sa wika. Isiniwalat nina Hasan at Hoon (2012) na 87% ng mga mag-aaral ay nasisiyahan sa pakikinig ng podcast sapagkat ito ay kaaya-ayang paraan ng pagkatuto at naramdaman ng mga estudyante na nakatutulong ang mga podcast upang mapahusay ang kanilang kakayahan sa pagsasalita..

Ang datos na nakalap pagkatapos gamitin ang podcast bilang estratehiya sa pagpapahusay ng kasanayan sa pagsasalita ng mga mag-aaral sa Filipino ay nagpapakita ng positibong resulta. Malinaw na tumaas ang marka ng mga mag-aaral sa iba't ibang aspeto ng pagsasalita, gaya ng pagbigkas, paggamit ng gramatika, at pagbuo ng mga pangungusap. Ang pagtaas ng kanilang marka ay nagpapatunay sa epektibong paggamit ng podcast bilang isang pantulong sa pag-aaral. Ipinapakita ng mga resulta na ang podcast ay isang kapaki-pakinabang na tool sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagsasalita.

Talahanayan 2

Pagganap Pagkatapos ang Paggamit ng Podcast

| **Mga Kategorya** | **M** | **SD** | **Remarks** |
|---|---|---|---|
| Kalinawan ng Pagsasalita | 3.75 | 0.45 | Napakahusay |
| Paggamit ng Gramatika | 3.67 | 0.65 | Napakahusay |
| Bokabularyo | 3.67 | 0.49 | Napakahusay |
| Kakayahang Makipagtalatasan | 3.67 | 0.65 | Napakahusay |
| Pagsunod ng Estruktura ng Usapan | 3.83 | 0.57 | Napakahusay |
| Pagpapahayag ng Ideya | 3.83 | 0.39 | Napakahusay |
| Pag-aangkop ng Wika sa Sitwasyon | 3.0 | 0.74 | Mahusay |
| Pangkabuuang Pangkalahok | 3.08 | 0.56 | Mahusay |

*Note. Sukatan ng Pagganap: 3.26 – 4.00 (Napakahusay); 2.51 – 3.25 (Mahusay); 1.76 – 2.50 (Di-Gaanong Mahusay); 1.00 – 1.75 (Di Mahusay)*

**Pagkakaiba ng Pagganap sa Pretest at Posttest**

Ipinapakita sa Talahanayan 3 ang resulta ng isang *independent samples t-test* na isinagawa upang matukoy kung may makabuluhang pagkakaiba sa pagganap sa pagsasalita ng mga mag-aaral bago at pagkatapos gamitin ang podcast bilang estratehiya. Ang resulta ay nagpakita ng $t(11) = 15.54$, $p < .001$, na nagpapahiwatig ng mataas na antas ng makabuluhang pagkakaiba sa pagganap ng mga mag-aaral matapos ang interbensyon. Batay sa mean scores, ang marka ng mga mag-aaral ay tumaas mula M = 1.39 sa pretest tungo sa M = 3.08 sa posttest, na nagpapakita ng malinaw na pag-unlad sa kanilang kasanayan sa pagsasalita.

Ang paggamit ng *podcast* bilang pantulong sa pag-aaral ay nagdulot ng makabuluhang pag-unlad sa kasanayan sa pagsasalita ng mga mag-aaral sa Filipino. Ipinapakita nito na ang tradisyonal na pamamaraan ng pagtuturo na nakatuon lamang sa pagsasaulo ay hindi sapat, samantalang ang aktibo at nakakaengganyong paraan ng pagkatuto sa pamamagitan ng podcast ay nakatulong sa pagpapahusay ng kanilang mga kasanayan sa pagsasalita, pag-unawa, at paggamit ng wika. Ang resulta ay nagpapatunay sa epektibong paggamit ng podcast bilang isang makabagong estratehiya sa pagtuturo ng Filipino.

Bukod dito, ipinakikita ng mga natuklasan ang makabuluhang pag-unlad sa pagganap ng mga mag-aaral matapos ang paggamit ng podcast. Pinahihintulutan din nito ang pagpapaunlad ng kalinawan sa pagsasalita, wastong gamit ng gramatika at bokabularyo, at kakayahan sa pakikipagtalastasan. Nahikayat din sila na magsagawa ng malinaw at maayos na pagpapahayag ng kanilang mga ideya, na naaangkop sa sitwasyon at konteksto ng komunikasyon. Nakatulong din ito sa pagpapahusay ng kanilang kakayahang makinig nang mabuti sa mga kausap at tumugon nang may paggalang at pag-unawa. Pinagbuti rin nito ang kanilang kumpiyansa sa pakikipag-ugnayan at sa pagsunod sa istruktura ng isang pormal o impormal na komunikasyon.

Ang mga resultang ito ay sumang-ayon sa mga resulta ng mga naunang pag-aaral na isinagawa upang imbestigahan ang bisa ng mga podcast sa kakayahan ng mga estudyante sa pagsasalita, pati na rin sa kanilang motibasyon. Halimbawa, Ramli (2018) ay nagsiyasat sa bisa ng mga podcast sa pagpapaunlad ng kakayahan ng mga estudyante sa pakikinig at pagsasalita. Gayundin, sina Guettaftemam (2016), Abdel-Hamid (2018), at Suvamaphaet, at Suvamaphaet, (2023) ay nagpapatunay sa epekto ng mga podcast sa pagpapabuti ng kasanayan sa pagsasalita ng mga estudyante. Lahat ng mga pag-aaral na ito ay nagpapatunay na ang mga podcast ay may positibong epekto sa kakayahan ng mga estudyante sa pakikinig at pagsasalita.

Ipinahihiwatig ng mga natuklasan ang mahalagang papel ng *podcast* bilang pantulong sa pagtuturo na nagdulot din ng pagpapahusay sa kasanayan sa pagsasalita ng mga mag-aaral. Ang mas kawili-wili at madaling maunawaang presentasyon ng impormasyon sa pamamagitan ng *podcast* ay nagresulta sa mas aktibong pakikilahok sa klase, na nagsanay sa kanila sa pagpapahayag ng kanilang mga ideya. Napabuti rin ang kanilang kumpiyansa sa pagsasalita dahil sa mas madalas na paggamit ng wika sa mga interaktib na gawain. Kailangan lamang na

maging handa ang guro sa pagpili ng angkop na podcast na may kaugnayan sa aralin upang mapanatili ang maayos na daloy ng pag-aaral.

Talahanayan 3

Pagkakaiba ng Pagganap sa Pretest at Posttest

| **Variables** | **M** | **SD** | **T-value** | **p-value** |
|---|---|---|---|---|
| Bago ang Paggamit ng Podcast | 1.39 | 0.46 | 15.54*** | 0.000 |
| Pagkatakapos ang Paggamit ng Podcast | 3.08 | 0.56 | | |

*Note: H0:Walang makabuluhang pagkakaiba ang pagganap sa pagsasalita ng mga mag-aaral sa paggamit ng podcast bilang estratihiya*
*Scale: **p<0.01 (Lubos na Makabuluhan); *p<0.05 (Makabuluhan); p>0.05 (Walang Kabuluhan)*

Kabanata 4

## BUOD, MGA NATUKLASAN, KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

### Buod

Ang pag-aaral na ito ay napapatungkol sa paggamit ng podcast bilang estratehiya sa pagpapahusa sa pagsasalita ng mga mag-aaral sa Filipino. Naglalayon itong matukoy ang kasanayan sa pagsasalita ng mga mag-aaral sa Filipino bago at pagkatapos gamitin ang podcast bilang pantulong sa pag-aaral. Nasusuri kung may makabuluhang pagkakaiba ang pagganap sa pagsasalita ng mga mag-aaral sa paggamit ng podcast bilang estratehiya. Ang mga respondente sa pag-aaral na ito ay ang 12 na kumukuha ng Bachelor of Secondary Education major in Filipino sa kolehiyo ng edukasyon sa paaralan ng lungsod ng Ozamiz na pinili sa pamamagitan ng *purposive sampling*. Ginamit ang isang rubrik para sa antas ng kasanayan sa pagsasalita bilang instrumento sa pagtitipon ng datos upang masukat ang kakayahan ng mga kalahok sa pagsasalita. Upang makuha ang resulta mula sa nakuhang mga datos ito ay sinuri gamit ang *statistical tools* ng pag-aaral na nakabatay sa Minitab.

### Mga Natuklasan

Ang mga sumusunod ang mga pangunahing natuklasan ng pag-aaral.

1. Ang antas ng kasanayan sa pagsasalita ng mga mag-aaral sa Filipino bago gamitin ang *podcast* bilang pantulong sa pag-aaral.

2. Ang antas ng kasanayan sa pagsasalita ng mga mag-aaral sa Filipino pagkatapos gamitin ang podcast bilang pantulong sa pag-aaral.

3. May makabuluhang pagkakaiba ang pagganap sa pagsasalita ng mga mag-aaral sa paggamit ng podcast bilang estratehiya.

**Konklusyon**

Batay sa mga natuklasan sa pag-aaral na ito, narito ang mga konklusyon:

1. Ang antas ng kasanayan sa pagsasalita ng mga mag-aaral sa Filipino bago gamitin ang podcast bilang pantulong sa pag-aaral. Makikita na mababa ang antas ng kasanayan sa pagsasalita ng mga mag-aaral sa Filipino bago gamitin ang podcast bilang pantulong sa pag-aaral. Ito ay nagmumungkahi ng pangangailangan para sa mas epektibong mga estratehiya sa pagtuturo upang mapahusay ang kanilang kakayahan sa pagsasalita ng wikang Filipino.

2. Ang antas ng kasanayan sa pagsasalita ng mga mag-aaral sa Filipino pagkatapos gamitin ang podcast bilang pantulong sa pag-aaral. Ang paggamit ng podcast bilang pantulong sa pag-aaral ay nagresulta sa isang napakamahusay na antas ng kasanayan sa pagsasalita ng mga mag-aaral sa Filipino. Napatunayan na epektibo ang podcast sa pagpapahusay ng kanilang kakayahan, na nagpapakita ng malaking pag-unlad mula sa kanilang *pre-test scores.*

3. May makabuluhang pagkakaiba ang pagganap sa pagsasalita ng mga mag-aaral sa paggamit ng podcast bilang estratehiya. Mayroong lubos na makabuluhang pagkakaiba ang pagganap sa pagsasalita ng mga mag-aaral sa Filipino sa *pretest* at *posttest.* Ang *pretest* ay nagpakita ng mababang antas ng kasanayan, samantalang ang *posttest* ay nagpakita ng napakamahusay na antas. Ang dramatikong pagtaas ng marka mula sa mababa tungo sa napakamahusay ay nagpapakita ng epektibong paggamit ng podcast bilang pantulong sa pag-aaral.

**Rekomendasyon**

Narito ang mga rekomendasyon ng mga mananaliksik mula sa isinasagawang pag-aaral:

1. Para sa mga mag-aaral, higit na bigyang-diin ang kahalagahan ng wikang Filipino sa pamamagitan ng paggamit sa mga natutunan sa podcast bilang inspirasyon sa pagpapahayag ng sariling mga karanasan at saloobin sa Filipino.

2. Para sa mga guro, gamitin ang podcast bilang isang makabago at kawili-wiling estratehiya sa pagtuturo ng Filipino. Isama ito sa mga aralin upang mapalawak ang kaalaman at mapahusay ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsasalita.

3. Magtulungan ang mga mag-aaral at guro sa pagsasagawa ng mga podcast na may kaugnayan sa mga aralin sa Filipino. Ito ay magiging isang praktikal na aplikasyon ng kanilang natutunan at magpapahusay sa kanilang kasanayan sa pagsasalita.

4. Maglaan ang paaralan ng mga resources at suporta para sa paggamit ng podcast sa pagtuturo ng Filipino. Tiyaking may *access* ang mga guro at mag-aaral sa mga kinakailangang teknolohiya at koneksyon sa internet.

5. Para sa mga sumusunod na mananaliksik, magsagawa ng kwalitatibong pag-aaral upang mas malalim na maunawaan ang epekto ng podcast sa pagpapahusay ng pagsasalita ng mga mag-aaral sa Filipino, na isinasaalang-alang ang iba pang mga salik tulad ng motibasyon, saloobin, at mga karanasan sa paggamit ng podcast.

**TALASANGGUNIAN**

Andersen, R. H., & Dau, S. (2021, October). A review of podcasts as a learning medium in higher education. In *Proceedings of the 20th European Conference on e-Learning, ECEL* (pp. 34-41).

ASSIA, B. (2024). *The Role of Podcast in Developing EFL Students' Speaking Skill* (Doctoral dissertation, university center of abdalhafid boussouf-MILA).

Asyrofi, S., & Wati, N. S. (2024). A Comprehensive Analysis of Integrating TikTok for Enhancing EFL Students' Speaking Skills. *Journal of Nusantara Education*, *3*(2), 60-68.

Avila, E. C., & Lavadia, M. K. S. (2019). Investigation of the acceptability and effectiveness of academic podcasts to college students' scholastic performance in science. *Indian Journal of Science and Technology*, *12*(34), 1-8.

Baehaqi, L. (2014). Improving the listening skills through "the discovery listening technique" using podcast. *The Multifaceted Dimensions of English Linguistics, Literature and Education*, *129*.

Bajaj, M. S., & Singh, P. (2022). Analyzing Rise of Social Media: Podcasts During Covid-19 Pandemic. *PREVALENCE OF SCREEN ADDICTION AMONG COLLEGE STUDENTS*, 134-152.

Borah, S. A., Garingalao, A. D. N. E., & Mendoza, A. M. C. HAMON NA KINAKAHARAP NG MGA GURO SA SEKUNDARYA SA PANAHON NG DIGITAL NA PAG-AARAL.

Bucăţa, G., & Tileagă, C. (2024). Digital renaissance in education: unveiling the transformative potential of digitization in educational institutions. *Land Forces Academy Review*, *29*(1), 20-37.

Bustari, A., Samad, I. A., & Achmad, D. (2017). The use of podcasts in improving studentsâ€™ speaking skill. *JELE (Journal of English Language and Education)*, *3*(2), 97-111.

Firmansyah, R. A. (2024). *The Effect Of "The English We Speak" Podcast To The Eleventh Grade Students Listening Ability SMAN 6 Kediri 2023/2024* (Doctoral dissertation, Universitas Nusantara PGRI Kediri).

Fitch-Hauser, M., Powers, W. G., O'Brien, K., & Hanson, S. (2007). Extending the conceptualization of listening fidelity. *The International Journal of Listening*, *21*(2),81-91.

Fitria, E. A., & Al Ma'ruf, A. I. (2025). Language Style in Ancur Podcast and Its Utilization as Student Learning Motivation. *Jurnal Sastra Indonesia*, *14*(1), 69-79.

Gaddi, J. A. G., Chato, M. N. E., Fajardo, R. N. O., Langres, C. T., Mendoza, R. K. M., Pabas, H. M. U., & Sumania, F. N. A. R. (2024). Antas ng Hamon sa Pag-aaral ng Wikang Filipino ng mga Mag-aaral sa Ikalabing-isang Baitang. *International Journal of Research*, *11*(7), 173-185.

GHAREEB, A. E. (2016). THE ATTITUDES OF HUMAN CAPITAL IN INTERNATIONAL COMPANIES? TOWARDS USING PODCASTING AS AN INNOVATIVE ASYNCHRONOUS TRAINING? AND DEVELOPING TOOL. *Turkish Journal of Marketing*, *1*(3), 138-149.

GUETTAFTEMAM, A. (2016). *The impact of using podcasts on developing EFL students pronunciation case study of second year students of English division at Mohamed Kheider University of Biskra* (Doctoral dissertation).

Haleem, A., Javaid, M., Qadri, M. A., & Suman, R. (2022). Understanding the role of digital technologies in education: A review. *Sustainable operations and computers*, *3*, 275-285.

Hamid, S. F., Forsia, L., & Isnaniah, I. (2024). Beyond the classroom: fostering english communication skills in vocational education through podcasting and radio broadcasting. *Jurnal Pembelajaran Pemberdayaan Masyarakat (JP2M)*, *5*(2), 317-330.

Hanum, H., Niah, S., & Pahmi, P. (2023). The Development of Podcast-Based-Audio Learning in Material Introducing Ourselves at 10th Grade SMA Muhammadiyah 1 Pekanbaru. *Journal of Education and Learning Research*, *1*(1), 37-46.

Haq, H. U., Shahid, A., Abdullah, F., Sagheer, I., & Rasool, S. A. (2024). CONTENT ANALYSIS: A COMPARATIVE STUDY OF DIFFERENT GENRES OF PAKISTANI PODCASTS. *PAKISTAN ISLAMICUS (An International Journal of Islamic & Social Sciences)*, *4*(02), 14-32.

Honculada, J. H., Narciso, R. C. C., Gleban, J., Hoylar, P. L., Namocot, J. M., & Paredes, V. J. D. Saloobin at Antas ng Kasanayan sa Pagsasalita ng mga Mag-Aaral sa Mansasa National High School.

Javier, R. M. B. (2021). Vodcasting: A Tool to Aid Modular Learning in English. *Online Submission*.

Kelly, J. M., Perseghin, A., Dow, A. W., Trivedi, S. P., Rodman, A., & Berk, J. (2022). Learning through listening: a scoping review of podcast use in medical education. *Academic Medicine*, *97*(7), 1079-1085.

Lutfa, P. K., Kurniasih, K., & Fransiskus, F. (2024). Promoting speaking skill through Podcast: EFL Students' Voices. *International Journal of Pedagogical Language, Literature, and Cultural Studies (i-Plural)*, *1*(1), 12-17.

mardila Ramli, A., & hari Kurniawan, E. (2017, August). The use of podcast to improve students' listening and speaking skills for EFL learners. In *International Conference on English Language Teaching (ICONELT 2017)* (pp. 189-194). Atlantis Press.

Maryana, M., Halim, C., & Rahmi, H. (2024). The impact of gamification on student engagement and learning outcomes in mathematics education. *International Journal of Business, Law, and Education*, *5*(2), 1697-1608.

Mc Kinley, P., Aliba, G. D., Beniyat, A. Y., Dagman, M. G. B., Malanom, M. V., Mamuyac Jr, C. E., ... & Eguia, M. L. G. (2024). Tiktok: Gamit sa Makrong Kasanayan ng Pagsasalita ng mga Mag-aaral.

McGarr, O. (2009). A review of podcasting in higher education: Its influence on the traditional lecture. *Australasian journal of educational technology*, *25*(3).

Medina-Cruz, H., Denicia-Carral, M. C., Ballinas-Hernández, A. L., & Minquiz, G. M. (2024). Podcast como recurso educativo en la formación universitaria. *Formación universitaria*, *17*(6), 23-34.

Mulyani, S., Damaianti, V. S., Mulyati, Y., & Sastromiharjo, A. (2023). The effectiveness of opinion gaps, reasoning, and information tasks in improving speaking skills. *International Journal of Learning, Teaching and Educational Research*, *22*(2), 113-130.

Orobia, J. A. A. (2022). Pag-unlad ng Interes sa Filipino Gamit ang Modified Video-Assisted Discussion (MVAD) sa Birtuwal na Espasyon sa Bagong Normal. *Asia Pacific Journal of Social and Behavioral Sciences*, *20*.

Perez, E. N., Vasquez, N. R., & Roldan, R. E. V. (2021, June). Integrating different teaching methods as a strategy to improve the students learning: A comparison study in an e-engineering course. In *2021 International e-Engineering Education Services Conference (e-Engineering)* (pp. 115-120). IEEE.

Rabie, D. A. K. (2023). The Effectiveness of Podcasts in Developing the Listening and Speaking Skills of EFL Secondary Stage Students and Motivation. *123*(4), 219-240.

Ramos-Neyra, M. F., Tippe-Marmolejo, S., Turriate-Guzmán, A. M., Cadena-Martínez, R., & Olivas-Mendoza, R. (2024). Using the Podcast for Feedback: A Qualitative Study. *International Journal of Interactive Mobile Technologies*, *18*(3).

Reyes-Arias, K. (2023). EnseÃ±anza del idioma inglÃ© s en educaciÃ³n primaria: Fortalecimiento de vocabulario y pronunciaciÃ³n a travÃ© s de podcast/Teaching

english in elementary school: Strengthening vocabulary and pronunciation through podcast. *Pixel-Bit, Revista de Medios y Educacion*, (68), 245-273.

Sagala, G. B., & Erezo, J. Y. (2021). Antas ng Kasanayan sa Sayusay sa Paggamit ng Wikang Filipino ng mga Estudyante sa Pribadong Paaralan. *Augustinian*, *22*(1), 1-1.

Shahrizal, A. Z. S. A., Rahmatullah, B., Ab Majid, M. H., Samuri, S. M., Hidayanto, A. N., Yas, Q. M., & Malim, T. (2022). A systematic literature review on the use of podcasts in education among university students. *ASEAN Journal of Teaching and Learning in Higher Education*, *14*(1), 68-75.

Shamburg, C., O'Neill, V., Jimenez, R., Rodriguez, J., & Harb, K. (2023). Podcast Listening and Informal Learning. *Qualitative Report*, *28*(7).

Tagnong, R. L. (2021). *Katatasan sa pagsasalita sa Filipino ng mga mag-aaral ng senior high school: Batayan sa pagbuo ng programang pampagsasanay* (Doctoral dissertation, West Visayas State University).

Tan, E. X. (2024). Empowering Users to Handle Misinformation in Podcasts.

Van Merriënboer, J. J., Clark, R. E., & De Croock, M. B. (2002). Blueprints for complex learning: The 4C/ID-model. *Educational technology research and development*, *50*(2), 39-61.

Waite-Stupiansky, S. (2022). Jean Piaget's constructivist theory of learning. In *Theories of early childhood education* (pp. 3-18). Routledge.

Willmot, P., Bramhall, M., & Radley, K. (2012, July). *Using digital video reporting to inspire and engage students*.\

Appendix A

**Rubrik sa Antas ng Kasanayan sa Pagsasalita**

**Pretest**

**Pangalan: (opsyonal)_________________________ Kurso/Taon: _______**

**Rubric para sa Antas ng Kasanayan sa Pagsasalita**

| Kriterya | Di Mahusay (1) | Di–Gaanong (2) | Mahusay (3) | Napakahusay (4) | Iskor |
|---|---|---|---|---|---|
| **Kalinawan ng Pagsasalita** | Mahirap maintindihan ang mga sinasabi. | May ilang pagkakataon ng kalituhan, ngunit karaniwan ay nauunawaan. | Maliwanag at madaling maintindihan ang mga ideya. | Laging malinaw at wasto ang pagpapahayag ng mga ideya. | |
| **Paggamit ng Gramatika** | Madalas ang pagkakamali sa gramatika. | May ilang pagkakamali, ngunit nauunawaan pa rin. | Kadalasan ay tama ang grammatika, may konting pagkakamali. | Wasto at tama ang gramatika sa lahat ng pagkakataon. | |
| **Bokabularyo** | Limitado at hindi angkop sa sitwasyon. | May sapat na bokabularyo, ngunit may mga pagkakataong hindi akma. | Malawak ang bokabularyo sa akma sa sitwasyon. | Napakayaman ng bokabularyo at palaging angkop sa lahat ng sitwasyon. | |
| **Kakayahang Makipagtalastasan** | Mahirap magpatuloy ng usapan. | Nakakapagpatuloy ng usapan, ngunit may ilang sagabal. | Madali at natural ang pagpapatuloy ng usapan. | Laging maayos at hindi napuputol ang daloy ng pag-uusap. | |
| **Pagsunod sa Estruktura ng Usapan** | Walang malinaw na estruktura, magulo ang daloy. | May ilang estruktura ngunit minsang nawawala sa paksa. | May malinaw na estruktura at nauunawaan ang daloy ng usapan. | Laging may malinaw na estruktura at maayos na daloy ng usapan. | |
| **Pagpapahayag ng Ideya** | Nahihirapan magpahayag ng mga ideya. | Nakakapagpahayag ng mga ideya, ngunit may ilang kalituhan. | Malinaw at tumpak na naipapahayag ang mga ideya. | Wasto, detalyado, at makulay ang pagpapahayag ng mga ideya. | |
| **Pag-aangkop ng Wika sa Sitwasyon** | Hindi kayang mag-adjust sa sitwasyon. | May ilang pagkakataong nag-aangkop ngunit may kahirapan. | Maayos na umaangkop sa sitwasyon at kausap. | Laging akma ang wika sa sitwasyon at sa kausap. | |
| **Total:** | | | | | |

**Posttest**

**Pangalan: (opsyonal) ________________________** **Kurso/Taon: _______**

**Rubric para sa Antas ng Kasanayan sa Pagsasalita**

| Kriterya | Di Mahusay (1) | Di-Gaanong Mahusay (2) | Mahusay (3) | Napakahusay (4) | Iskor |
|---|---|---|---|---|---|
| **Kalinawan ng Pagsasalita** | Mahirap maintindihan ang mga sinasabi. | May ilang pagkakataon ng kalituhan, ngunit karaniwan ay nauunawaan. | Maliwanag at madaling maintindihan ang mga ideya. | Laging malinaw at wasto ang pagpapahayag ng mga ideya. | |
| **Paggamit ng Gramatika** | Madalas ang pagkakamali sa gramatika. | May ilang pagkakamali, ngunit nauunawaan pa rin. | Kadalasan ay tama ang grammatika, may konting pagkakamali. | Wasto at tama ang gramatika sa lahat ng pagkakataon. | |
| **Bokabularyo** | Limitado at hindi angkop sa sitwasyon. | May sapat na bokabularyo, ngunit may mga pagkakataong hindi akma. | Malawak ang bokabularyo sa akma sa sitwasyon. | Napakayaman ng bokabularyo at palaging angkop sa lahat ng sitwasyon. | |
| **Kakayahang Makipagtalastasan** | Mahirap magpatuloy ng usapan. | Nakakapagpatuloy ng usapan, ngunit may ilang sagabal. | Madali at natural ang pagpapatuloy ng usapan. | Laging maayos at hindi napuputol ang daloy ng pag-uusap. | |
| **Pagsunod sa Estruktura ng Usapan** | Walang malinaw na estruktura, magulo ang daloy. | May ilang estruktura ngunit minsang nawawala sa paksa. | May malinaw na estruktura at nauunawaan ang daloy ng usapan. | Laging may malinaw na estruktura at maayos na daloy ng usapan. | |
| **Pagpapahayag ng Ideya** | Nahihirapan magpahayag ng mga ideya. | Nakakapagpahayag ng mga ideya, ngunit may ilang kalituhan. | Malinaw at tumpak na naipapahayag ang mga ideya. | Wasto, detalyado, at makulay ang pagpapahayag ng mga ideya. | |
| **Pag-aangkop ng Wika sa Sitwasyon** | Hindi kayang mag-adjust sa sitwasyon. | May ilang pagkakataong nag-aangkop ngunit may kahirapan. | Maayos na umaangkop sa sitwasyon at kausap. | Laging akma ang wika sa sitwasyon at sa kausap. | |
| **Total:** | | | | | |

Appendix B

## Mga Katanungan

Unang Sesyon (Epikong Ibalon)

1. Anong kulturang Pilipino ang mahihinuha sa Epiko?
2. Ano ang pinakamahalagang aral na matututunan natin mula sa mga pakikipag- sapalaran at pagsubok na hinarap ng mga tauhan sa Epikong Ibalon?
3. Paano naiimpluwensiyahan ng Epikong Ibalon ang pagtingin natin sa kasaysayan at kultura ng Bicol?

Ikalawang Sesyon (Bantugan)

1. Ano ang mga katangiang taglay ni Prinsipe Bantugan na dahilan kung bakit siya hinahangaan at iginagalang ng mga tao sa kaharian ng Bumbaran at sa mga karatig-lugar?
2. Paano ipinakita sa epiko ang relasyon ng kapatiran sa pagitan nina Prinsipe Bantugan at Haring Madali?
3. Ano ang mahalagang aral o kaisipan ang maaaring mapulot mula sa kuwento ni Prinsipe Bantugan?

Ikatlong Sesyon (Bidasari)

1. Paano nagpapakita ang pagbabago ng katauhan ni Bidasari ng mga impluwensya ng kapangyarihan, katayuan sa lipunan, at pag-ibig?

2. Paano ginagamit ng Bidasari ang mga elemento ng pantasya at supernatural upang magbigay ng komentaryo sa mga isyung panlipunan, pulitikal, o pangkultura ng panahon nito?
3. Paano naiiba ang paglalarawan ng kababaihan sa Bidasari kumpara sa ibang mga panitikan ng parehong panahon o rehiyon?

Ikaapat na Sesyon (Florante at Laura)

1. Paano ipinakita sa kwento ang epekto ng pagtataksil at pagtatanggol sa mga pangunahing tauhan?
2. Ano ang papel ng kapalaran at paghihiganti sa paghubog ng mga pangyayari sa akda?
3. Sa anong paraan inilarawan ng Florante at Laura ang mga temang pag-ibig, digmaan, at pagkakaibigan sa kabila ng pagkakaiba ng relihiyon at lahi?

Appendix C

**INFORMED CONSENT FORM**

1. I volunteer to participate in the research undertaken by Jorjelyn L. Ongco and Neslie C. Duhaylungsod from the College of Education, Misamis University. I understand that the research is designed to gather information about the paggamit ng podcast bilang estratehiya sa pagpapahusay ng kasanayan ng mga mag-aaral sa filipino. I will be one of the participants who will be surveyed for this research.

2. My participation in this research is voluntary. I understand that I will not be paid for my participation. I may withdraw and discontinue participation at any time without penalty. If I decline to participate or withdraw from the study, no one will be told.

3. This research will involve my participation. I understand that most questions will find the discussion interesting and thought-provoking. If, however, I feel uncomfortable in any way during the survey session, I have the right to decline to answer any question or to end the survey.

4. The survey will last approximately 10-15 minutes.

5. I understand that the information to be gathered will be treated with confidentiality. I will not be identified in the paper. Only the researchers and their adviser will have access to the data of the research.

6. I understand that this research has been reviewed and approved by the DSAS Head of Misamis University.

7. I have read and understood the explanation provided to me. I have had all my questions answered to my satisfaction, and I voluntarily agree to participate in this study.

8. I have been given a copy of this consent form.

__________________________ __________________________

Participant’s Signature Date

*For further information, please contact:*
*Jorjelyn L. Ongco (09506972316/ jorjaongco07@gmail.com )*
*Neslie C. Duhaylungsod (09122871544/ nesliedulhaylungsod021@gmail.com )*

Appendix D

Abril 3, 2025

Dr. Genelyn R. Baluyos
Dean, College of Education
Misamis University
Ozamiz City

Dear Dr. Baluyos:

Greetings!

Kami ay mag-aaral ng Bachelor in Secondary Education Major in Filipino sa Misamis University at kasalukuyang nagsasagawa ng pag-aaral ukol sa **"Paggamit ng Podcast bilang Estratehiya sa Pagpapahusay ng Kasanayan ng mga Mag-aaral sa Filipino"** naaprubahan ng aming guro sa pananaliksik noong Marso 5, 2025.

Ito ay magbibigay daan para sa mga mananaliksik na makalikom ng kaukulang datos kaugnay sa estratehiya sa pagpapahusay ng kasanayan sa pagsasalita ng mga mag-aaral sa Filipino. Ang mga respondente ay mga mag-aaral mula sa kolehiyo ng edukasyon na Filipino major na naka-enrol sa 2nd semetre, S.Y. 2024- 2025. Kaugnay nito, nais naming humingi ng pahintulot mula sa iyong tanggapan upang payagan kaming magsagawa ng aming pag-aaral. Ang anumang datos na makukuha mula sa mga respondente ay mananatiling pribado at para lamang sa layunin ng pananaliksik.

Dalangin namin ang iyong paghintulot na maisakatuparan ang pag-aaral na ito.

Lubos na gumagalang,

JORJELYN L. ONGCO
Mag-aaral

NESLIE C. DUHAYLUNGSOD
Mag-aaral

Noted:

LEIZEL JOY C. DABALOS, MAEd.
Research Instructor

Approved:

GENELYN R. BALUYOS, Ed.D
Dean, College of Education

Appendix E









# CURRICULUM VITAE



## PERSONAL DATA

| | | |
|---|---|---|
| Name | : | Jorjelyn L. Ongco |
| Address | : | P-4 Pantaon, Ozamiz, Misamis Occidental |
| Date of Birth | : | July 27, 2003 |
| Civil Status | : | Single |
| Religion | : | Roman Catholic |
| Mother | : | Jocelyn L. Ongco |
| Father | : | Josefino M. Ongco |
| Siblings | : | Jollebe O. Ritche<br>Faniejoy O. Torres |

## EDUCATION

| | | |
|---|---|---|
| Tertiary | : | Bachelor of Secondary Education Major in Filipino<br>Misamis Univeristy<br>Ozamiz City, Misamis Occidental, Philippines<br>May 2026 |
| Secondary | : | Ozamiz City National High School<br>Ozamiz City, Misamis Occidental, Philippines<br>June 2022 |
| Elementary | : | Roman E. Mabanag Sr. Elementary School<br>Pantaon, Ozamiz, Misamis Occidental<br>March 2016 |

## CURRICULUM VITAE



### PERSONAL DATA

| | | |
|---|---|---|
| Name | : | Neslie C. Duhaylungsod |
| Address | : | P-7. Mialen, Clarin, Misamis Occidental |
| Date of Birth | : | March 01, 2004 |
| Civil Status | : | Single |
| Religion | : | IFI |
| Mother | : | Agnes C. Duhaylungsod |
| Father | : | Eliberto R. Duhaylungsod |
| Siblings | : | Adrian C. Duhaylungsod |

### EDUCATION

| | | |
|---|---|---|
| Tertiary | : | Bachelor of Secondary Education Major in Filipino<br>Misamis Univeristy<br>Ozamiz City, Misamis Occidental, Philippines<br>May 2026 |
| Secondary | : | Deor and Dune Academe School of Technology<br>P-1 Mobod, Oroquita City, Philippines<br>June 2022 |
| Elementary | : | Mialen Elementary School<br>Mialen, Clarin, Misamis Occidental<br>March 2016 |